
Tucydides
NOBELA NI DOMINADOR Ad. CASTILLO
ISINALARAWAN NI VIR S. MARIANO
MUNTIK NANG TAKASAN NG BAIT SI FELIX NANG MARINIG ANG SINABI NG MATANDANG ARBULARYO AT KUNG HINDI NAMAGITAN SI TANDANG ORANG..
IKA - 14 NA LABAS
LUCAS, SA PALAGAY KO NAMAN E TUTOO ANG INIHIHINGI NI FELIX NG TAWAG SA'YO.. BAKIT HINDI KA SUMAMA ?
AT NAPAHINUHOD DIN ANG ALBULARYO NA SUMAMA KAY FELIX. MAKARAANG ILANG SANDALI...
MAGPAINIT KA NG TUBIG AT MAPUNASAN ANG BATA...
MATAPOS PUNASAN ANG BATA..
KUNIN MO ANG MGA GAMOT DAMONG SABI KO AT SAKA MO ITAPAL SA NOO AT SIKMURA NG BATA...PAG ME AWA ANG DIYOS E MAGALING NA 'YAN BUKAS..
SUBALI'T ANG MGA LUNAS NA INIHATOL NG MATANDA AY HINDI NAKAPAGPABUTI SA LAGAY NG BATA HANGGANG SA MAISIPAN NI FELIX NA KUHIN ANG PANTOG..
O.. SIYA, INENG. GUMALING KA NA SANA.. NAITO ANG PANTOG MO ANAK..
SAMANTALA, NG MGA SANDALING IYON SA BAHAY NG ALBULARYO...
..'YAN ANG TUTOO, ORANG.. HUBAD ANG BATA GAYUNG KE TAAS NG LAGNAT... AT AYON KE FELIX E AYAW DAW MAGDAMIT NG BATANG 'YUN..
BA!. E.. NAKAPAGTATAKA NAMANG BATA NIYON..


PARANG KUNG ANONG MAKAPANGYARIHANG BAGAY ANG NAG-UTOS, ANG BATANG MAYSAKIT AY MALIKSING BUMA-NGON NANG MAKITA ANG FANTOG AT...
PANGINOON KO!..HAWAK MO PO ANG BUHAY NG A-KING ANAK!. TALAGANG SIYA'Y NILIKHA MO UKOL SA PANTOG NA ITO...
PAMAYAMA-YA PA...
TU!..SI!.. DI!..DES!..
MAGALING NA SIYA!.AT TUWANG-TUWA ANG . BUNSO KO!..
BUHAT NANG MATUKLASAN NI FELIX ANG KAHALAGAHAN NG PANTOG SA BUHAY NG KANYANG ANAK, ANG KAN-YANG MGA BALAK AY BINAGO HANGGANG SA...
KAILANGANG PABINYA-GAN KO NA ANG AKING ANAK... MALAKI NA AY WALA PANG PANGALAN..
A..ALAM KO NA... ANG MGA UNANG NA-MULAS SA KANYANG BIBIG AY TU..SI..DI.. DES...TUCYDIDES!.. ANG KANYANG MAGI-GING NGALAN AT SI NANA ORANG ANG MAGIGING NINANG


NANG SUMAPIT ANG ARAW NG BINYAG SA SIMBAHAN SA KABAYANAN NG GILING-GILING...
BA!.E..BAKIT WALA MAN LANG DAMIT ANG BATANG YAN? YAN HU BA ANG ANAK NG MAGKAKA-HOY, NANA O-RANG
NAKU!.E..SABI NG KUKUMPARI-HIN KO E AYAW DAW MAGSUOT NITO NG ANU-MANG DAMIT SA KATAWAN E...
ITUTULOY


30
HALAL
Ukol kay
Bb. ____________________
SA PAGKA
"Bb. BULAKLAK ng 1953"
MAY BISA
HUNYO 30, 1953